

HALOS matigib sa galak ang malamang ddbid ni private Mauricio Alejandro, nang ang bapor na kanilang finalululanang kasama ang ilang daang kawal-pilipino na nakipaghamok sa madugong larangan ng Korea, ay nagsisimulang dumaong sa piyer ng ating lunsod.

Anong sarap na muling malanghap ang sariwang hangin ng sariling lupang tinubuan at makatalamitam na muli ang mga taong nagsasalita ng katutubong wika! —nasabi pa sa sarili ni Mauricio.

—“Home sweet home”, —narinig niyang naibuntung-hin nga ng ka-abing kawal na may isang gulit sa manggas ng suut na patig. Ang nag-uumpaw na kaligayahan nito ay nakaguhit sa mga labing bahayang nakabuka sa pagkakangiti. Nakapukol ang mga matang walang kakurap kurap sa mga taong mand'y sadyang nagsisipag-abang sa piyer na lulunsaran ng bapor.

Napangiti sa sarili si Mauricio Alejandro. Ang nadarama ng katatabing kawal ay kanya ring nadarama nang mga sandaling yaon. Marahil ay higit pa, pagka't umuwi siya ngayon na isang karangalan ng kanilang bansa at ng dalawang mahal sa kanyang buhay; si Conching na kanyang kabiyak at ang kaisa isang supling ng kanilang pagmamahalan-si Boy.

Mamaya lamang, oo, mamaya lamang ay sasalubungin sila ng sangbayanang kanina pa naghihintay sa kanilang pagdating. Kakamayan silang isa-isa ng ilang puno ng siyudad at mga kilalang tao sa bansa. Hindi magkakamayaw ang hyawan ng “mabuhay” ng bata at matanda sa salwing tugtuging pambansa. At sino ang makahuhulang hindi sila babatiin ng isang kilalang artista sa puting tabing na hindi nagkukulang ng pagdalo sa tuwing darating ang ating mga kawal buhat sa Korea. Maiaalis ba natin kay Mauricio Alejandro ang umasang mabilang siya sa mahahalikan o makahahal k sa ating magandang artista?

Pagkatapos ng parangal na yaon ay isasakay sila sa mga nagsisipaghintay na mga bus at mula roon ay ipaparada sila sa buong lunsod. Idadaan sa lalong kilalang lansangan sa Maynila. Gaya ng Escolta.

Nagunita ni Mauricio Alejandro nang minsan, sa pagkakatayo niya sa isang panig ng Escolta, ay walang kakurap-kurap niyang pinanunuod ang pagdaraan ng unang mga kawal na ipinadala sa Korea. Para siyang nakakikita ng mga “taong walang kamatayan” noon. Malakas ang pintig ng kanyang puso. Ano kaya ang



BAKIT MO NAISIPANG ANG MGA BAGAY NA 'YAN, MORE? --LUMULUHANG WIKA NOON NI CONCHING.

mga nadarama ng mga lalaking yaon (ang tinutukoy ay ang mga lalaking nakasuot ng kupas na mga patig), ang naitanong sa sarili ni Mauricio.

SUMANDALING napapikit si Mauricio Alejandro, nang sumibol sa kanyang diwa ang isang mapait na katotohanan. Bakit

nga ba niya naisipan ang magkawal? Katulad din kaya ng mga nakapatig na yaon ang kanyang layunin: lumaban alang-alang sa demokrasiya? Di sinasadya ay napailing siya at bumuntung-hinnga.

At, ang malupit na pangyayari ay muling nanulay sa kanyang

Naabalik n

KUWENTO NI JUAN

pagdidili-dili.

Noon, tandang-tanda pa niyang umuwi siyang malungkot na malungkot, pagkaraan sa maghapon paghahanap ng mapapasukan.

—Kumusta, More, ang iyong lakad? —salubong na tanong ng butihin niyang maybahay na si Conching.

Iling, mapait na iling lamang ang itinugon niya sa pagtatanong ng asawa.

—Ang taong mahirap ay tila walang puwang na mabuhay sa siyudad na ito. Wala. Wala... —mariin ang pagkakabigkas niya sa mga huling kataga.

—Huwag kang mawawalan ng pag-asa, More. —himig payo ng asawa. —Ang Diyos ay dakila at marunong sa lahat... Nananalig akong hindi pa lamang dumarating ang ating suwerte...

—Kundangan ka si'y... ayoko pang...

Nauunawaan ni Conching ang ibig sabihin ng naputol na pangungusap ng kabiyak. Sinisisi siya nito. (Siya nga naman ang nagmungkahi ng wala sa panahon nilang pagharap sa altar. Ang paggunita ng lalaki na “hindi lamang sa pag-ibig... ay ibinintang niyang pag-iwas lamang niyon.) Sumakit ang kalooban ni Conching. Naghihimagtik.

—Sige, sisihin mo na naman ako! —maluha-luha nang wika ng babae.

Nakaramdam ng habag si More sa butihin niyang maybahay. Lihim niyang nasisi ang sarili. Ano nga ba naman

ang kasalanan nito. Lumapit siya sa kabiyak at buong pagmamahal na niyakap ito.

—Ipinangangako kong hindi na mauulit ang bagay na ito, —ang pangako niya sa lumuluhang asawa. —Pahirin mo na ang mga luhang iyan at darating na siguro si Boy buhat sa iskuwelahan.

BAYANII

*Ang Higit Na Mahalagang
Pasalubong Mo Sa Hirang
Ay Ang Dangal Na Tinamo
Sa Larangan Ng Digmaan.*

C. PANGILINAN

Lingid sa kabatiran ni Conching, si Mauricio Alejandro ay nagpatala bilang isang mabababang kawal na ipadada-la ng pamahalaan sa Korea, upang mapalitan ang magsisirating na mga kawal na mayroong tinamong pinsala sa katawan. Bispiras pa lamang nang pagtulak ng sasakyang maghahatid sa kanila roon, nang ipagtapat niya ang lahat kay Conching.

—Bakit mo naisipan ang mga bagay na iyan. More —lumuluhang wika noon ni Conching. —Papaano kung...

—Ang lahat ay alang-alang sa inyo ni Boy. Inasahan kong mauunawan mo ako, mahal ko... —pinipilit ni Moreng maging buo ang kanyang tinig. —Ano man ang ipagkaloob sa atin ng Diyos, ay bahala ka na sana kay Boy... —gumagaralgal ang tinig niya nang masambit niya ang pinakamamahal na bunga ng kanilang pagmamahalan.

Sa Korea... Nababatid ni Mauricio, na kaya lamang siya naruruon at nakikipagpatayan ay dahil sa hang lidong pisong noiwan niya sa kanyang mag mahal sa buhay na ngayon ay kailangang tumbasan niya ng pakikipaghamok sa kaaway.

Mapatay o makamatay, iyan ang kabayaran sa sangdakot na salaqing hindi niya maidulot sa kanyang mga-ina sa pamamagitan ng pagbabanat ng buto.

Kung siya ay itinalagang tumba kung gabi at nag-iisang yaot-dito sa isang takdang pook sa buong magdamag ay malimit niyang natatanong paulit-ulit sa kanyang isipan: "Napakamura ng buhay ng isang mahirap na tao! Sangdakot na salap! lamang! Ta-



lagang kahabag-habag ang buhay ng isang..."

Kung minsan at naririnig niya ang pagbabangay ng mga gutom na asong sumisila sa nabubulok na katawan ng mga nasawi sa digma, ay para niyang nadarama ang palapit na nang palapit na kamatayan.

—Maaring ngayon, bukas o sa ibang araw ay katawan ko naman ang nilalapa ng mga gutom na asong iyan. —ang naibulong sa

sarili ni More.

Sa ilang buwang inilagi ni Mauricio sa larangan ay hindi niya naiwasan ang di magkaroon ng mga kaibigan. Si Sarhento Tomacruz, na isa niyang kababayan, ay napalapit sa kanyang kalooban dahil sa kabaitan nito. Lagi silang malapit sa pagtulog at maging sa larangan ay sila ang parating magkabunguung-balikat. Minsan na siyang nailigtas nito sa tiyak na kamatayan.

Sa kanilang pamamasiyal sa pook ng taga-timog Korea, ay nagkakaisa sila ng palagay sa kasamaan ng kanilang kaaway na taga-hilaga na inuupatan ng dam-buhalang kumunista. Unti-unting nag-uusbong sa kanyang diwa ang pagkamuhit sa di-nakikitang kaaway na ito: ang kumunista. Sa namamalas niyang paghihirap ng mga taong yaon na kadugo at kabalat ng kanilang kalaban ay dili ang di siya pinagsisiklaban ng poot!

Naragdagan ang kinikimkim na pagkamuhing ito sa puso ni Mauricio Alejandro, nang isang araw ay mapalaban sila at patay na bumagsak ang katawan ng kaibigan sa kanyang paanan. Isang punlo ng kaaway ang nagwasak sa dibdib ni sarhento Tomacruz. Nagtiim ang kanyang mga bagang at sandaling nahilam ang kanyang mga paningin ng masaganang luha ng pagdaramdam.

Sa pagkakatapa ay napansin niyang isang nest ng kaaway ang pinagbubuhatan ng masinsing putok ng masingan. Pahalbot niyang kinuha ang nalalabing granada sa baywang ng nasawing kaibigan. Gumapang siya nang gumapang na papalapit sa dakong pinanggagalingan ng masinsing putok.

—Ang mamatay ngayon o bukas, ay pareho rin! —ang inusual niya habang gumagapang.

Ang mga paningin ng mga kasamahan ay patuloy na inahatid siya sa mapanganib na patutungguhan, kalakip ang kimis na dalang itinatahip ng bawat dibdib ng natitilihang mga kasama. At, sa wakas, pagkaraan ng tila paghinto ng mga sandali ay ilang sunud-sunod na putok ng granada ang sumalit sa sagitsit ng masingan. At, muling tumakbo ang mga sandali...

Sa itaas ng burol ay nakita nilang kumakaway si Mauricio. Hindi kukulangin sa sampung pulahang koreano ang nakahambalang sa labi ng nasabing tanggulan...

WALA sa loob ay nakapa ni private Mauricio Alejandro ang tuson ng karangalang nakasabit sa kanyang dibdib. Nagunita niya ang kaibigang sarhento at nag-

(Sundan sa pahina 69)

ya, ako?

Sa ganyan natapos ang pagsinghalan nila sapagka't siyang pagkakarinig nila ng mga yabag at kapag ganoon na'y si Fidel na ang kusang lumalayo sa asawa.

At nalipat nga sila ng tirahan. Sa Maynila sila lumipat at dito na nagsimula ang kalbaryo ni Nene. Hindi na naglalagi ng bahay si Fidel at kung umuwi kadalasa'y hatinggabi na. Kung dumaring si Fidel at maratnang gising pa si Nene ay hindi man lamang tatawagin ang asawang naabutang naghihintay sa durungawan. Susunod na lamang nang kusa si Nene.

Isang gabi... Ikasampu na ng gabi noon subalit' gising pa rin si Nene. Nang araw na yaon ay galing roon ang ama ni Fidel at napag-alamang lahat ang mga ginagawa ng kanyang anak. Walang anu-ano ay siyang pagkakarinig niya ng mga yabag. Nakita niya si Fidel...

—Fidel, lasing ka?... usisa ni Nene.

—Hindi, uminom lang ako nang kaunti. Ibig kong sa pamamagitan ng alak ay malimot ko ang mga ginawa ko sa iyo, mahal ko.

Napagulat si Nene. Nanibago siya sa salita ng asawa. —Fidel, lasing ka nga.

—Hindi sabi, e! At para mapatunayan mong hindi ako lasing, ay pakinggan mo ako. Alam mo, pinuntahan ako ni Tatang sa opisina kangina. At alam mo ang sabi? Magbalik daw tayo sa Kabanatuan.

—P.nababalik? At bakit?

—Nagagalit siya sa akin. Napakahangal ko raw, na ipinagwalang bahala ang isang asawang katulad mo. Kahit daw tinatrato kita ng pawalang-hiya ay pinagtatakpan mo pa rin ako.

Saglit na tumigil si Fidel. Itinitig ang waring naaawang mga mata sa buong kaanyuan ng asawa at saka muling nagpatuloy.

—Ako raw, —sabi ni tatang, —ay mamatay at kung mangyayari ay isilang na muli at muling mamatay at isilang pang muli, ay hindi na raw ako makatatagpo pa ng isang babaing katulad mo. Katunayan daw, ang hirap at pagtitiis ay sinugba mo nang dahil sa akin. Samantalang ako'y tila walang puso, walang pakiramdam, na hindi ko nalalaman ang lahat ng ito!...

Naiyak si Nene at akma sa nang tatalikod nang batakin siyang papalapit ni Fidel.

—Huwag kang umalis, Nene, pakinggan mong lahat ang sinabi niya sa akin.

—Akala mo ba, ay di ko nalalaman ang inialis ninyo sa lalawigan? Inialis mo sa amin si Nene, sapagka't hindi mo magawa ang bala mong maibigan. Pasalamat ka at mahal ka pa rin ni Nene sa kabila ng iyong pagkukulang. Kung hindi... magagawa naming itapon ka at si Nene ang aming aring anak."

—O, Fidel, kung ganito ka lamang sa tuwing ikaw ay nagalasing, disi'y kahit ipagnakaw ay ipagnanakaw kita ng alak.

—Lasing man ako, mahal ko, ay nauunawaan ko ang aking sinasabi. —Sagot ni Fidel na lalong humigpit ang pagkakayakap sa baywang ng asawa. —At buhat ngayon, ako, ay magiging ang dating ako. Ang Fidel, na una mong nakilala at ang Fidel na siyang naghandog sa iyo ng pag-ibig. Sisikapin kong mapanumbalik sa iyong paniniwala ang una mong pag-aakalang tapat ako sa aking pag-ibig.

—Naniniwala ka na ba, Nene? Naniniwala ka na bang ikaw ay iniibig ko at handang magpakasakit?

Isang piping tango lamang ang tanging naisagot ni Nene sa mga katanungan ng asawa. Galak na galak siya. Si kaliit-litang himaymay ng kanyang puso ay may kasiyahan siyang nararamdaman. Kasiyahan, gumapang sa buo niyang katawan. At sa nakapikit niyang mga mata'y nasisinag niya ang isang maliwanag na kinabukasan. Liwanag na ibang-iba sa karimlang kanyang pinagdaanan.

(WAKAS)

Nagbalik Na Bayani

(Buhat sa pahina 19)

banta ang ilang patak ng luha sa kanyang paningin.

—Dahil sa iyo, ay mayroon na akong mukhang ipakikiharap ngayon sa aking mga kababayan na magsisipagbunyi sa aming pagdating. Tuwiran ko nang matitigtigan ang sinumang mag-uukol ng pagbati sa akin! —Ang sa sarili'y naibulong niya habang nakikipag-unahan sa pagbaba sa andamyo ng malaking bapor.

Malikot na malikot ang kanyang mga paningin habang siya'y kinakamayan ng magandang artistang si Rosa Rosal.

—Hello here! Glad to have you home again... —nakangiting salubong ng magandang artistang babae.

Hahalikan na lamang ni Rosa sa pisngi ang bayani, nang bigla itong sumugod na papaalis. Napangiti na lamang si Rosa nang makitang yakap ni Mauricio Alejandro ang mabait na kabiyak habang nakamalas ang muning si Boy.

—What a hero! He sure deserves this fine home-coming! —ang nawika ni Rosa habang minimalas ang kahili-hiling pagyayakap ng mag-asawa.

— W A K A S —

Hika

—NGUNIT SIYA'Y NAKADADALO AT LUMALAHOK SA MGA KASAYAHAN NA ANIMOY WALANG SAKIT—SALAMAT SA ISANG MAKABAGONG GAMOT!



KARANIWAN, kapag ang isang may-hika ay sinumpung ng kanyang sakit, wala pang magawa kundi magtiis hanggang sa makalipas ang sumpung, na kung magkaminsa'y bumibilang ng araw at linggo pa.

SALAMAT sa formula na nayari ng isang espesyalista sa baga (na may hika rin), ang mga may hika ay hindi kailangang magtiis ng gayong paghihirap. Ang gamot na ito, na mabilili saan mang botika sa pangalang SIROP NOREL, ay bumabaka sa hika sa tatlong paraan:

1. TINUTUNAW ang plema na nakababara sa mga daanan ng hininga at siyang nagiging sanhi ng panikip ng hininga.
2. PINALALABAS ang plema, nililinis ang mga daanan ng hininga (na animo'y isang purgante sa baga), pinaluluwag ang paghinga.
3. PINIPIGIL ang muling pagsumpong ng hika, at sa gayo'y nagkakaroon ang may sakit ng pagkakatapon at lakas na gumaling.

NAITO PA ang mabuting balita! Ngayon, matapos na mararadagan ng isang sangkap na "ekstra", ang SIROP NOREL ay dudulutan kayo ng higit na mabilis at higit na tumatagal na ginhawa at ipagsasangalang ang inyong puso laban sa mga komplikasyon. Ang formula ng NOREL ay mabilili din sa ayos tabletta. Hingin ang SIROP NOREL o TABLETA NOREL sa inyong suking botika—ngayon!

HARABE O TABLETA

ITONG BAGONG FORMULA AY NAGDUDULOT NG HIGIT NA MABILIS AT TUMATAGAL NA GINHAWA



FORMULA Each 10 cc: Pot. iod. 0.300 gm. eph. sulf. 0.025 gm. cod. epi. 0.100 gm. IR. h-12.000 gm. 0.200 cc. phenol sod. 0.010 gm. sod. benzo. 0.30 gm. aminophylline 0.100 gm.; syrup q.s.

Mabilili sa halagang 10c lamang



Ano mang uri ng mga lutuin ay labis ninyong kas'iyahan kung may Washington Food Seasoning.

WASHINGTON FOOD SEASONING

ASTHMA

Dr. A. V. MAURICIO
Espesyalista sa Hika

Gumagamot ng Hika na pagagalangin. Garantiya: Kung umulit sa loob ng 6 hanggang 12 buwan ang sukrit, ay gagamuting muli na walang bayad.

R-207 Wm. Li Yao Bldg., Republic Super Market
Oras ng Konsulta: 8:00-12:00 N.U. — 4:00-6:00 A.G.

• Ang mga pangalan ng pook o tao, buhay man o patay sa mga kuwentong napapalathala sa babasahing ito ay pawang likhang isip lamang ng mga kumatha. Ang anumang pagkakatulad sa mga pangalan ng sino mang tao o pook ay hindi sinasadya. At pagkakatapon lamang.

• Ang lahat ng nilalaman ng bilang na ito ay pag-aari ng Bulaklak Publications. Ang sinumang may nais na gumamit ng mga kuwentong nakalathala rito sa anumang paraan ay kailangang may pahintulot ng Bulaklak Publications.